# KOMPARATIBONG PAG-AARAL NG PLURALAYSER NG NAWN-PREYS SA TAGALOG, SEBUANO, BIKOL AT ILUKANO

*Viveca V. Hernández*

## 1.0 Introduksyon

Sa papel na ito, nilalayong pag-aralan ang prosesong morpolojikal na pluralisasyon na nagaganap sa nawn-preys (NP) sa apat na wika, i.e., Tagalog (Tag), Sebuano (Seb), Bikol (Bkl), at Ilukano (Ilk).[1]

Kabilang sa sab-pamilya ng mga wikang Pilipino ng pamilyang linggwistiko na Awstronesyan, karaniwang tinuturing na mga wikang sentral ang Tag, Seb, at Bkl habang wikang hilaga naman ang Ilk. Bilang mga wikang magkakaugnay, hindi maitatanggi ang malaki nilang pagkakahawig. Pero ipinapalagay din na mayroon silang mga pagkakaiba dahil sa magkakaiba silang mga wika.

Tatangkain ipakita sa pag-aaral na ito hindi lamang ang kanilang mga pagkakatulad, kundi na rin ang kanilang mga pagkakaiba sa pagsasagawa ng prosesong pluralisasyon sa loob ng NP. Sa pamamagitan nitong komparatibong pag-aaral, inaasahang makapagbibigay ito ng dagdag na pagkaunawa sa ugnayan nitong apat na wika sa isa't-isa at gayon din ng katibayan ng kanilang klasipikasyon base sa mga morpolojikal at/o sintaktik na pekularidad sa proseso ng pluralisasyon.

Ang mga segmental fonim ng apat na wika ay: /**p t k ? b d g m n ng s h l r w y i e a o u**/. Ang /**e**/ sa Ilk ay mid-sentral na vawel (V). Para sa Tag, Seb, at Bkl, fonemik ang istres (V̄), samantalang sa Ilk naman, ang haba (:) ang siyang fonemik.

## 2.0 Mga pluralayser

Sa papel na ito, binibigyang kahulugan ang terminong pluralayser bilang isang morfim na lumilitaw o kaya'y nakikipagtambalan sa isang salita sa prosesong morpolojikal na pluralisasyon. Anyong plural ang tawag sa resultang anyo ng

prosesong ito. Tatalakayin dito ang mga pluralayser na ginagamit sa NP o iyong mga konstituyents ng NP, i.e., mga determiner (Det), mga adjektib (Adj), at mga nawn (N). Hindi isinama sa pag-aaral ang mga personal-pronawn bilang bahagi ng NP.

## 2.1 Pluralayser ng determiner

Ang determiner o N-marker ay isang partikel na lumilitaw sa unahan ng N o NP. May dalawang klaseng determiner: mga artikel (Art) at mga demonstratib (Dem). May dalawang klaseng Art: ang komon-Art ($Art_1$) at ang praper-Art ($Art_2$).

(1) $Art_1$: Tag /**?ang, nang, sa**/
Seb /**?ang, ?ug, sa**/
Bkl /**?ang, nang, kang, sa**/
Ilk /**ti, iti**/

(2) $Art_2$: Tag /**si, ni, kay**/
Seb /**si, ni, kang**/
Bkl /**si, ni, ki**/
Ilk /**ni, ken(ni)**/

Tatlo ang Dem sa Tag, Seb, at Bkl; lima naman sa Ilk.

(3) Dem: Tag /**?itó, ?iyán, ?iyón**/
Seb /**kiní, kaná?, kadto**/
Bkl /**?iní, ?iyán, ?itó**/
Ilk /**toy, ta, dyay, tay, di**/

Sa Ilk, karaniwang may prefiks na /**dey-**/ ang mga anyong singular ng mga demonstratib, i.e., /**deytoy, deyta, deydyay, deytay, deydi**/.

Sa Tag, Seb, at Bkl, walang pluralayser ang $Art_1$; ang $Art_2$ lamang ang ginagawang plural.

(4) $Art_2$: Tag /**siná, niná, kiná**/
Seb /**silá si, nila' ni, kanilá ni**/
Bkl /**sindá, nindá, kindá**/

Sa Ilk naman, ang pluralayser ng $Art_1$ at Dem ay /**dagi-**/, hal. /**dagiti, dagidyay**/. Ang pluralayser ng $Art_2$ naman ay /**da-**/ na ginagamit kasama ng ziro alomorf nitong $Art_2$. Ayon kay Ernesto Constantino (1963: 410), pwede ring ianalays itong /**da-**/ bilang isang

morfim na <u>portmanteau</u> kung saan nagsasama ang $Art_2$ at ang praper-pluralayser.

## 2.2 Pluralayser ng adjektib

Ang Adj ay salitang binubuo ng isang salitang-ugat lamang, o kaya ng isang Adj-afiks at isang Adj-istem . Sa apat na wikang pinag-aaralan, maaaring iklasifay ang Adj sa dalawa: (a) $Adj_1$ na binubuo ng salitang-ugat o Adj-rut lamang, at (b) $Adj_2$ na binubuo ng Adj-afiks at Adj-istem. Ang mga Adj-afiks ay ang sumusunod: Tag, Seb **/ma-/**, Bkl **/ma-, ha-/**, at Ilk **/na-/**. Narito ang ilang halimbawa:

(5) $Adj_1$: Tag **/bago, luma?/**
Seb **/bag?ó, da?an, dakó?, ta?ás/**
Bkl **/bago, da?an, dakulá?/**
Ilk **/baru, da:?an, dakkel/**

(6) $Adj_2$: Tag **/magandá, malakí, matamís, matangkád/**
Seb **/(ma)(a)nindot, matam?is/**
Bkl **/magayón, mahamís, halangkáw/**
Ilk **/napintas, nanga:tu, nasam?it/**

Ang proseso ng pluralisasyon ng Adj sa apat na wikang pinag- aaralan ay nagaganap sa pamamagitan ng dalawang paraan: (a) sa pagdagdagngpluralayser na **/mangá/** sa unahan ng nasabing Adj gaya ng nangyayari sa Tag, Seb, at Bkl, o di kaya'y (b) sa pamamagitan ng prosesong morpoponenik gaya ng makikita sa Tag, Bkl, at Ilk.

Sa paglagay ng pluralayser **/mangá/** sa unahan ng mga Adj, nagiging plural ang mga ito sa Tag, Seb, at Bkl. Halimbawa:

(7) $Adj_1$: Tag **/manga' bago, manga' luma?/**
Seb **/manga' bag?o, manga' da?an/**
Bkl **/manga' bago, manga' da?an/**

(8) $Adj_2$: Tag **/mangá magandá, manga' matamís/**
Seb **/manga' nindot, manga' matam?is/**
Bkl **/manga' magayón, manga' mahamís/**

*Bukod dito, ginagawang plural ang $Adj_2$ sa Tag at sa Bkl, maliban sa mga nagsisimula* sa **/ha-/**, sa pamamagitan ng pagrereduplikeyt ng unang konsonant ($K_1$) at unang vawel

($V_1$) ng Adj-istem, i.e., /-$K_1V_1$-/. Halimbawa:

(9) Tag /(**mangá**) **magagandá**, (**mangá**) **matatamís**/.
Bkl /(**mangá**) **magagayón**, (**manga'**) **mahahamís**/

Mapapansin na opsyonal ang pluralayser /**mangá**/ sa kasong ito. May isa pang paraan ng pagsasagawa ng pluralisasyon sa Bkl. Ito ang pagrereduplikeyt ng $V_1$ at pagdagdag ng /**-r-**/, i.e., /-$V_1$r-/, sa mga $Adj_1$ at $Adj_2$ na may Adj-afiks na /**ha-**/. Halimbawa:

(10) $Adj_1$: Bkl /(**manga'**) **darakulá?**/ /**ha-**/
$Adj_2$: Bkl /(**manga'**) **haralangkáw**/

Tulad ng sa Tag, opsyonal dito ang /**mangá**/.

Ginagawang plural ang mga Adj sa Ilk sa pamamagitan din ng pagrereduplikeyt ng $K_1V_1$ ng Adj-istem tulad ng Tag at Bkl, pero wala itong hiwalay na pluralayser na katumbas ng /**mangá**/, halimbawa:

(11) Ilk /**babaru**, **dada:?an**, **dadakkel**, **napipintas**, **nasasam?it**/

Mapapansin na magkakahawig ang Tag, Seb, at Bkl sa paggamit ng hiwalay na pluralayser /**mangá**/, samantalang magkakahawig naman ang Tag, Bkl, at Ilk sa prosesong morpoponemik ng pagrereduplikeyt ng $K_1V_1$ ng istem ng /**ma-**/ Adj sa Tag at Bkl at ng /**na-**/ Adj bukod sa mga walang Adj-afiks sa Ilk. Sa tatlong wikang pinag-aaralan, kakaiba ang Bkl sa paggamit ng /-$V_1$r-/ sa mga Adj na walang Adj-afiks at iyong mga may Adj-afiks na /**ha-**/.

## 2.3 Pluralayser ng nawn

Ang N ay salitang binubuo ng salitang-ugat lamang o di kaya ng isang N-afiks at isang N-istem. Maaaring iklasifay ang N sa dalawa: komon-N (Nk) at pangalan ng tao. Narito ang ilang halimbawa ng Nk:

(12) Nk: Tag /**bahay, bata?, dalaga, manggá**/
Seb /**baláy, bata?, dalaga, mangga**/
Bkl /**harong, ?aki?, daraga, manggá**/
Ilk /**balay, ?ubing, bala:sang, mangga**/

Unang tatalakayin ang pluralisasyon ng N sa Tag, Seb, at Bkl dahil sa kitang-kitang pagkakahawig nitong tatlo. Ibubukod ang pagdiskas sa Ilk dahil sa malaking pagkakaiba nito sa tatlo. Ang pluralayser ng Nk sa Tag, Seb, at Bkl ay /**mangá**/ na inilalagay sa unahan ng N, gaya ng

(13) Tag /**manga' bahay, manga' bata?**/
Seb /**manga' baláy, manga' bata?**/
Bkl /**manga' harong, manga' ?aki?**/

Bagamat pwedeng ituring na Nk ang mga pangalan ng lugar dahil sa sintaktik biheybyor ng mga ito, hindi ito plinupluralays. Kaya, hindi tinatanggap ang */**manga' manila, manga' kagayán de oro, manga' legaspi**/.

May isa pang pluralayser ang Nk sa tatlong wikang ito. Ito'y makikita sa ilang mga salitang hiram gaya ng /**nars, materyal, dato**/, etc. Ang tinutukoy ko ay ang hiram ding plural safiks na may dalawang alomorf na ponolojikaling madedetermin:

{Plu} [**-es**]/K__
[**-s**]/ halimbawa,

(14) /**manga' narses, manga' materyales, manga' datos**/

Sa kabilang dako, pinapakita ang pagiging plural ng pangalan ng tao, i.e., ang taong tinutukoy at ang mga kasama nito, sa paggamit ng mga $Art_2$ sa unahan nito, halimbawa:

(15) Tag /**sina pepe at pilár ~ sina pepe ~ sina pilár**/
Seb /**silá si pepe ug pilár....**/
Bkl /**sinda' pepe at pilár....**/
Ilk /**da pepe ken pilar....**/

Dinidiskas ni Constantino (1963) ang mga pluralayser sa Ilk. Sa papel na ito, babanggitin lamang ang mga pluralayser ng mga N.

Ayon kay Constantino, may ilang mga N sa Ilk na hindi pwedeng mapluralays morpolojikali. Ang mga ito'y karaniwang ang mga sumusunod: (a) mga pangalan ng tao, (b) mga pangalan ng lugar, (c) mga temporal at adverbyal na N, at (d) karamihan sa hango o dinirayb na N at ilang mga monosilabik na N na may inisyal na konsonant-klaster (KK-) na ang karamihan ay mga salitang hiram.

Maliban sa mga kabilang sa sab-klas na $N_1$ sa ibaba, ang anyong singular sa Ilk ay siya ring ginagamit bilang plural. Ang Det sa unahan ng N ang karaniwang nag-iindika ng bilang nito. Narito ang ilang halimbawa:

(16) Ilk **/dagiti balay, dagitoy bala:sang, dagidyay mangga/**

Ayon naman kay Morice Vanoverbergh (1955: 50),

> It should be noted that the Iloko abhor the multiplication of articles in the plural in the same sentence. To say: the houses of the men, the Iloko will say: **dagiti' baláy ti táo**, rarely: **dagiti' baláy dagiti' táo**.

Pero kung pluralayser ang pag-uusapan, masasabing may dalawang N-pluralayser ang Ilk. Gaya ng sa Tag, Seb, at Bkl, ang isa'y ang hiram na plural safiks na makikita sa ilang mga salitang hiram,at katulad ng mga wikang ito, ponolojikaling madedetermin ang dalawa nitong alomorf: **[-es]** at [[-**s**], halimbawa:

(17) **/diputados, duktores/**

Pwedeng gamitin itong hiram na plural safiks kasama ang tamang alomorf ng ikalawang N-pluralayser depende kung sa anong sab-klas ng N ang mga salitang hiram na ito. Tinatawag ni Constantino na dobleng pluralisasyon ang ganitong prosesong morpolojikal na pinagsasama ang dalawang magkaibang pluralayser sa isang salita.

Ang isa pang N-pluralayser sa Ilk ay ang pagrereduplikeyt ng ilang mga fonim ng N. Ginagamit ito sa lahat ng mga kawnt-N, at gaya ng kasasabi lang, pati na rin sa mga tumatanggap ng hiram na pluralayser. Ang simbolong {R} ang ginamit ni Constantino para sa pluralayser na ito.

Lima ang alomorf ng {R}. Upang mailarawan ang anyo at distribusyon ng mga alomorf nito, igrinupo ang mga kawnt-N sa limang sab-klas: $N_1$ hanggang $N_5$.

Sampung salita ang kabilang sa $N_1$. Tumutukoy ang mga ito sa mga myembro ng pamilya, at sa babae at lalake:

(18) $N_1$ Ilk **/?a:di, ?ama, ?anak, ?apu, ?a:pu, ?asa:wa, ?ina, ?ubing, baba:?i, lala:ki/**

Ginagawang plural ang mga ito sa pamamagitan ng pagrereduplikeyt ng $K_2$ ng N, kaya,

(19) Ilk **/?a:ddi, ?amma, ?annak, ?appu, ?a:ppu, ?assawa,**

**?inna,?ubbing, babba:?i, lalla:ki/**

Kaya, ang alomorf ng {R} na ginagamit sa anumang myembro ng $N_1$ ay [-$K_2$]. Sa mga mismong salitang ito, maliban sa /**baba:?i**/ at /**lala:ki**/, maaari ring gamitin itong unang alomorf ng {R} kasama ng panglimang alomorf nito, isang kaso ng dobleng pluralisasyon. Tingnan ang (29).

Kabilang naman sa sab-klas na $N_2$ ang mga sumusunod:

(20) $N_2$ Ilk /**bala:sang, baket, baro, lakay, ta:?o**/

Binubuo ang plural ng mga myembro ng $N_2$ sa pagrereduplikeyt ng $K_1$, ng $V_1$, at ng $K_1$ muli, samakatuwid,

(21) Ilk /**babbala:sang, babbaket,babbaro,lallakay, tatta?o**/

Kaya, ang alomorf ng {R} na ginagamit sa anumang myembro ng $N_2$ ay [$K_1V_1K_1$-].

Ang mga myembro ng sab-klas $N_3$ ay anuman sa mga sumusunod: (a) mga terminong nagsasaad ng relasyon; (b) ilang mga N na nagsasaad ng hanapbuhay na ang karamihan ay mga salitang hiram; at (c) mga Adj na ginagamit bilang mga N (Adj-N). Narito ang ilang halimbawa:

(22) $N_3$.a Ilk /**kabsat, kasinsin, ka?ilyan, ?i:kit, ?uliteg, gayyem**/
$N_3$.b Ilk /**duktor, madre, maystra, pa:di**/
$N_3$.c Ilk /**baknang, bassit, dakkel, pi:lay**/

Sa pamamagitan ng pagrereduplikeyt ng $K_1$ at ng $V_1$, nabubuo ang plural ng mga ito.

(23) Ilk /**kakabsat, kakasinsin, kaka?ilyan, ?i?i:kit,?u?uliteg, gagayyem, duduktor, mamadre, mamaystra, papa:di, babaknang, babassit, dadakkel, pipi:lay**/

Samakatuwid, [$K_1V_1$-] ang alomorf ng {R} na ginagamit sa anumang myembro ng $N_3$. Bukod sa alomorf na ito, pwede ring gamitin ang alomorf na [**-es**] ng hiram na plural safiks sa salitang /**duktor**/ gaya ng makikita sa (24) Ilk /**duduktor** ~ **duduktores**/

Kabilang naman sa sab-klas na $N_4$ ang dalawang ponolojikal na tipo ng mga N: (a) ang lahat ng mga N na hindi myembro ng alinman sa unang tatlong sab-klas at kung saan ang $K_2$ ay isang glotal istap, /?/; at (b) ang lahat ng mga monosilabik na N na nagsisimula sa KK-, kung saan ang $K_2$ ay isang glayd, i.e., /**w**/ o /**y**/. Narito ang ilang

halimbawa:

(25) $N_4$.a Ilk **/sa?o, si?it/**
$N_4$.b Ilk **/byag, nwang/**

Ang plural ng anumang myembro ng $N_4$ ay binubuo sa pamamagitan ng pagrereduplikeyt ng $K_1$ at $V_1$ (o ng kawnterpart na V ng glayd), at haba /:/.

(26) Ilk **/sa:sa?o, si:si?it, bi:byag, nu:nwang/**

Kaya, ang alomorf ng {R} na ginagamit sa anumang myembro ng $N_4$ ay [$K_1V_1$:-].

Ang lahat ng iba pang kawnt-N na hindi kabilang sa unang apat na sab-klas ay myembro ng $N_5$. Polisilabik ang lahat ng mga ito at may inisyal na anyong ponolojikal na /$K_1V_1K_2$-/ kung saan ang $K_1$ ay ang inisyal na K- o KK-, at ang $K_2$ naman ay anumang K maliban sa **/?/** at **/h/**. Narito ang ilang halimbawa:

(27) $N_5$: Ilk **/?a:so, balay, saba, sa:bong, ta:wa, ?ules/**

Binubuo ang plural ng $N_5$ sa pagrereduplikeyt ng $K_1$ (o ng inisyal na KK-), ng $V_1$, at ng $K_2$, kaya

(28) Ilk **/?as?a:so, balbalay, sabsaba, sabsa:bong, tawta:wa, ?ul?ules/.**

**/$K_1V_1K_2$-/** ang alomorf nitong {R} na ginagamit sa anumang myembro ng $N_5$. Ayon kay Constantino, ito ang pinakaprodaktib.

Gaya ng nabanggit sa itaas, pwedeng gamitin ang unang alomorf ng {R} na /-$K_2$-/ at ang panglimang alomorf na /$K_1V_1K_2$-/ sa mga myembro ng sab-klas $N_1$, kaya

(29) Ilk **/?a:ddi ~ ?ad?a:ddi, ?amma ~ ?am?amma, ?annak ~ an?annak, ?appu ~ ?ap?appu, ?a:ppu ~ ?ap?a:ppu, ?assawa ~ as?assawa, ?inna ~ ?in?inna, ?ubbing ~ ?ub?ubbing/**

May karagdagang kahulugang plural itong mga anyong dobleng plural.

## 3.0 Namber agriment

Sa pag-aaral na ito, ang Det, Adj, at N ang tinuturing na mga konstityuent ng NP. Det + Adj + N ang karaniwang ayos nito na pwede ring maging Det + N + Adj.

Karaniwang may namamagitang ligatyur (Lig) sa Adj at N. Kung isang Dem ang Det, may Lig din sa pagitan nitong Dem at sa sumusunod na salita. Ang mga Lig sa apat na wika ay /**na**/[2] para sa Tag, /**nga**/ para sa Seb, Bkl, at Ilk.

Ang pagkakaroon ng mga pluralayser sa NP ay nagbibigay daan sa namber agriment sa wika. Unahin natin ang Seb dahil sa hindi ito dumadanas ng prosesong morpoponemik sa pluralisasyon. Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa.

(30) Seb **/kining manga' matam?is nga (mangá) mangga/** ==>
**/kining manga' manggang matam?is/**

(31) Seb **/?ang manga' manindot nga (mangá) bata?/** ==>
**/?ang manga' bata? nga manindot/**

Mapapansin na opsyonal ang pangalawang /**mangá**/, i.e., ang N- pluralayser,pero kung nauuna ang N sa Adj, nakakaltas ang pangalawang /**mangá**/ o ang Adj-pluralayser.

Tingnan naman angmga sumusunod na halimbawa sa Tag at Bkl.

(32) Tag **/?ang manga' magandáng (mangá) bata?/** ==>
**/?ang manga' batang magandá/**
Bkl **/?ang manga' magayóng (mangá) daraga/** ==>
**/?ang manga' daragang magayón/**

(33) Tag **/?ang (mangá) magagandang (mangá) bata?/** ==>
**/?ang manga' batang magagandá/**
Bkl **/?ang (mangá) magagayóng (mangá) daraga/** ==>
**/?ang manga' daragang magagayón/**

(34) Bkl **/?ang (manga') darakulang (mangá) harong/** ==>
**/?ang manga' harong nga darakula?/**

Tulad ng sa Seb, mapapansin sa (32) na opsyonal ang pangalawang /**mangá**/ o ang N-pluralayser, habang sa (33) at (34), opsyonal pareho ang /**mangá**/ na pluralayser ng Adj at N, sapagkat morpolojikali plural na ang Adj sa pamamagitan ng reduplikasyon ng /-$K_1V_1$-/ ng Adj-istem sa Tag at Bkl, at ng /-$V_1$r-/ ng Adj- istem sa Bkl. Pero sa kasong nauuna ang N sa Adj, obligatori ang N-pluralayser at nakakaltas ang pluralayser na /**mangá**/ ng Adj.

Tingnan natin ngayon ang mga halimbawa sa Ilk.

(35) Ilk **/dagiti mamaystra/**

(36) Ilk **/dagiti maystra/**

Mapapansin sa (35) na kapag ang isang N sa anyong plural ay may kasamang Det, kinakailangang nasa anyong plural din itong Det. Pero maaaring gamitin ang isang plural na Det kasama ng plural o di kaya'y di-plural na N gaya ng makikita sa (35) at (36).

Sa kabilang dako, kapag may kasamang plural na Adj ang isang kawnt-N, dapat nasa anyong plural din ang nasabing N gaya ng sa (37), habang ang isang plural N ay pwedeng gamitin ng kasama ng isang plural o di- kaya'y singular na Adj tulad ng sa (38)

(37) Ilk **/dagiti napipintas nga mamaystra/** ==>
**/dagiti mamaystra nga napipintas/**

(38) Ilk **/dagiti napintas nga mamaystra/** ==>
**/dagiti mamaystra nga napintas/**

Samakatuwid, nangangailangan ng plural na N-marker ang isang plural na N, pero hindi nangangailangan ng plural na N ang isang plural na N-marker. Sa mismong paraan, nangangailangan ng plural na N ang isang plural na Adj, pero hindi nangangailangan ng plural na Adj ang isang plural na N.

# MGA NOWTS

1. Binatay ang pag-aaral na ito sa idyolek ng mga sumusunod na informant: Irma U. Peneyra ng Calapan, Oriental Mindoro para sa Tag, Evangeline Canaman ng Jasaan, Misamis Oriental para sa Seb, Naring Igno ng Ragay, Camarines Norte para sa Bkl, at Julio Valera ng Bangued, Abra para sa Ilk.

2. May nagaganap na morpoponemik rul sa ligatyur na ito:

   -V{**n**} + **na** ==> VO/ ==> -V + **ng**
   {?}

## MGA REFERENSES


BERNABE, Emma, Virginia Lapid at Bonifacio Sibayan. 1971. Ilokano lessons. Honolulu: University of Hawaii Press.

BLAKE, Frank Ringgold. 1906. Contributions to comparative Philippine grammar. JAOS 27:317-96.

_____. 1907. Contributions to comparative Philippine grammar, II. JAOS 28:199-253.

BLOOMFIELD, Leonard. 1942. Outline of Ilocano syntax. Language 18:193-200.

BUNYE, Maria Victoria R. at Elsa Paula Yap. 1971. Cebuano grammar notes. Honolulu: University of Hawaii Press.

CONSTANTINO, Ernesto Andres. 1964. Ilukano pluralisers. PSSHR 28(4):408-15.

_____. 1965. Test sentences for Philippine languages. Quezon City. Ms.

_____. 1971. Ilokano reference grammar. Honolulu: University of Hawaii Press.

Geeroms, H., CICM. w.p. An outline of Iloko grammar, rev. ed. (Nakamimyo).

GONZALEZ, Andrew B, FSC, Teodoro A. Llamzon, SJ, at Fe Otanes, mga ed. 1973. Readings in Philippine linguistics. Manila: Linguistics Society of the Philippines.

HOCKETT, Charles F. 1958. A course in modern linguistics. New York: The MacMillan Company.

LOPEZ, Cecilio. 1928. Comparison of Tagalog ang Iloko. Hamburg: J.J. Augustin.

_____. 1937. General features of Philippine linguistics. PSSR 9(3):201-07.

_____. 1965. Contributions to a comparative Philippine syntax. Lingua 15:3-16.

LYONS, John. 1968. Introduction to theoretical linguistics. Cambridge: Cambridge University Press.

MCKAUGHAN, Howard Paul at Janette Forster. 1957. Ilocano: an intensive course. Ika-4 ed. North Dakota: SIL.

MINTZ, Malcolm W. 1971. Bikol grammar notes. Honolulu: University of Hawaii Press.

SURIAN NG WIKANG PAMBANSA. 1968. Balarila ng wikang pambansá. Ika-4 ed. Maynila: Káwanihan ng Pálimbagan.

VANOVERBERGH, Morice. 1955. Iloko grammar. Baguio: Catholic School Press.

WOLFF, John Ulrich. 1965. Cebuano Visayan syntax. Ph.D tesis, Yale University.